# Ang Salita Ng Diyos Ay Dumating sa Propetang William Marrion Branham

## "Si Jesus Cristo Ay Diyos"

*Ngayon iyan ang kapahayagan: si Jesus Cristo ay Diyos*. Ang Jehova ng Lumang Tipan ay ang Jesus ng Bago. Kahit gaano pa ninyong ipagpilitan, hindi ninyo mapatutunayang may TATLONG Diyos. Ngunit nangangailangan din ng kapahayagan ng Banal na Espiritu upang maunawaan ninyo ang katotohanan na Siya ay Iisa. Nangangailangan ng kapahayagan upang makita na ang Jehova ng Lumang Tipan ay ang Jesus ng Bago. Si Satanas ay gumapang papasok sa iglesya at binulag ang mga tao sa katotohanang ito. At nang sila ay nabulag dito, hindi nagtagal hanggang sa ang Iglesya ng Roma ay huminto sa pagbabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

Inaamin ko na nangangailangan ng isang tunay na kapahayagan mula sa Banal na Espiritu upang makita ang katotohanan tungkol sa Pagka-Diyos sa mga araw na ito kung kailan tayo'y nasa kalagitnaan ng pagbaluktot ng labis na maraming Kasulatan. Ngunit ang nananaig, mapagtagumpay na iglesya ay nakatayo sa kapahayagan kaya tayo ay makaaasa sa Diyos na ihayag sa atin ang Kaniyang katotohanan. Gayon pa man, sa katotohana'y hindi ninyo kailangan ang isang kapahayagan tungkol sa bautismo sa tubig. Naroroon na mismo iyon na nakalantad sa inyong mukha. Maaari bang maging posible sa isang sandali para sa mga apostol na lumihis mula sa isang tuwid na utos ng Panginoon na magbautismo sa Pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo at pagkatapos ay matatagpuan silang nasa kusang pagsuway? Alam nila kung ano ang Pangalan, at wala ni isang dako sa Kasulatan kung saan ay

nagbautismo sila sa kahit anong iba pang paraan maliban sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Sasabihin sa inyo ng sentido komun na ang Aklat ng Mga Gawa ay ang iglesya na kumikilos, at kung sila'y nagbautismo sa ganyang paraan, kung gayon iyan ang talagang dapat na paraan ng pagbabautismo. Ngayon kung iniisip ninyong matindi iyan, ano kaya sa palagay n'yo ito? Sinuman ang hindi nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus ay kinakailangang mabautismuhang muli.

Mga Gawa 19:1–6, "At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad, Kaniyang sinabi sa kanila, Tinanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya? At sinabi nila sa kanya, Hindi man lang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo. At sinabi niya sa kanila, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa bautismo ni Juan. At sinabi ni Pablo, katotohanang nagbautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan, na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, samakatuwid baga'y, kay Cristo Jesus. Nang kanilang marinig ito, ay nangagpabautismo sila sa Pangalan ng Panginoong Jesus. At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kanyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika at nagsipanghula." Hayan na. Itong mga mabubuting tao sa Efeso ay nakarinig tungkol sa darating na Mesiyas. Naipangaral na Siya ni Juan. Sila ay nangabautismuhan tungo sa pagsisisi ng mga kasalanan, tumatanaw sa HINAHARAP sa pagsampalataya kay Jesus. Subalit ito ngayon ay panahon na upang tumanaw PABALIK kay Jesus at mabautismuhan sa IKAPAGPAPATAWAD ng mga kasalanan. Ito ay panahon na upang tanggapin ang Espiritu Santo. At nang sila ay mabautismuhan sa Pangalan

ng Panginoong Jesus Cristo, ay ipinatong ni Pablo ang kanyang mga kamay sa kanila at ang Espiritu Santo ay dumating sa kanila.

O, ang mga minamahal na mamamayang yaon sa Efeso ay mga mabubuting tao; at kung sino man ang may karapatan na makadamang ligtas, ay sila. Pansinin kung gaano kalayo ang kanilang narating. Humantong sila hanggang sa pagtanggap sa paparating na Mesiyas. Sila ay handa na para sa Kaniya. Ngunit hindi ba ninyo nakikita na sa kabila niyan ay hindi nila Siya namalayan? Siya ay dumating at nakaalis na. Kinailangan nilang mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Kinailangan nilang mapuspos ng Espiritu Santo.

Kung kayo ay nangabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, ay pupuspusin kayo ng Diyos ng Kaniyang Espiritu. Iyan ang Salita. Mga Gawa 19:6 na ating binasa na siyang katuparan ng Mga Gawa 2:38, "Mangagsisi, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo." Kita n'yo, si Pablo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay nagsabi nang katulad na katulad sa kung ano ang sinabi ni Pedro sa pamamagitan ng Espiritu Santo. At kung ano ang nasabi na ay HINDI NA MAAARING mabago. Ito ay kinakailangang maging tulad pa rin mula sa Pentecostes hanggang sa mabautismuhan ang pinakahuling hinirang. Gal. 1:8, "Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anumang ebanghelyo na iba sa aming naipangaral na sa inyo, ay matakuwil."

Ngayon ang ilan sa inyong mga taong Oneness ay nagbabautismo nang mali. Kayo'y nagbabautismo para sa muling kapanganakan na para bang iniligtas kayo ng pagkakalubog sa tubig. Ang muling kapanganakan ay hindi

dumarating sa pamamagitan ng tubig; ito ay isang gawain ng Espiritu. Ang tao na sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay nagbigay ng kautusang, "Magsisi at mangabautismuhan ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus," ay hindi nagsabing nakapagdudulot ng bagong kapanganakan ang tubig. Ang sabi niya'y isa lamang itong patunay ng isang "mabuting budhi tungo sa Diyos." Iyan lamang. I Pedro 3:21, "Na ayon sa tunay na kahawig ngayo'y nagligtas sa atin samakatuwid baga'y ang bautismo (hindi sa pag-aalis ng karumihan ng laman, kundi sa paghiling ng isang mabuting budhi sa Diyos,) sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo." Pinaniniwalaan ko ito.

Kung sinoman ang may anumang mga maling kaisipan na mapatutunayan ng kasaysayan na ginanap ang bautismo sa tubig sa anumang iba pang paraan kaysa sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, ay pinapayuhan ko kayong basahin ang mga kasaysayan at tuklasin para sa inyong sarili. Ang sumusunod ay isang tunay na tala tungkol sa isang Bautismo na naganap noon sa Roma A.D. 100 at naisipi sa TIME Magazine Disyembre 5, 1955. "Itinaas ng diyakono ang kanyang kamay, at si Publius Decio ay dumaan sa may pintuan ng bautisteryo. Nakatayo sa bautismuhang abot-baywang ang lalim ay si Marcus Vasca ang tagapagtinda ng kahoy. Siya ay nakangiti habang lumulusong si Publius sa bautismuhan sa may tabi niya. 'Credis?' ang tanong niya. 'Credo,' ang sagot ni Publius. 'Ako'y sumasampalataya na ang aking kaligtasan ay nagmumula kay Jesus ang Cristo, Na napako sa krus sa ilalim ni Pontio Pilato. Kasama Niya akong namatay nang sa gayo'y magkaroon ako sa Kaniya ng Buhay na Walang hanggan.' Pagkatapos ay naramdaman niya ang mga malalakas na bisig na umaalalay sa kaniya habang hinahayaan niya ang kanyang sarili na pahigang lumulubog sa tubig, at narinig ang tinig ni Marcus sa

kanyang tainga—'Binababautismuhan kita sa Pangalan ng Panginoong Jesus'—samantalang ang malamig na tubig ay tumakip sa kanya."

Hanggang doon sa nawala ang katotohanan (at hindi na bumalik hanggang sa huling kapanahunang ito—ito ay mula sa Nicaea hanggang sa pagbubukas ng siglong ito) ay nagbautismo sila sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Ngunit ito'y bumalik na. Hindi maitago ni Satanas ang kapahayagan kapag nais ng Espiritu na ipagkaloob ito.

Oo, kung mayroon ngang tatlong Diyos, kayo ay mas makabubuting magbautismo para sa isang Ama, at isang Anak, at isang Espiritu Santo. Subalit ang KAPAHAYAGANG ipinagkaloob KAY JUAN ay may IISANG DIYOS at ang Pangalan Niya ay PANGINOONG JESUS CRISTO, at kayo ay magbabautismo para sa IISANG Diyos at tanging iisa lamang. Iyan ang dahilan kung bakit nagbautismo si Pedro sa paraang ginawa niya sa Pentecostes. Kinakailangan siyang maging tapat sa kapahayagan na, "Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel, na ginawa ng Diyos iyan RING SI JESUS, Na inyong ipinako sa krus, na *KAPWA* PANGINOON AT CRISTO." Hayan Siya, "Ang PANGINOONG JESUS CRISTO."

Kung si Jesus ay 'KAPWA' Panginoon at Cristo, kung gayon Siya (si Jesus) ay, at hindi maaaring maging iba pa kundi "Ama, Anak, at Espiritu Santo" sa IISANG Persona na nahayag sa laman. Ito ay *HINDI* "Ang Diyos sa tatlong persona, pinagpalang trinidad," kundi IISANG DIYOS, IISANG PERSONA na may tatlong pangunahing titulo, may tatlong katungkulan na inihahayag ang mga titulong iyon. Pakinggan pa ito muli. Ito ring si Jesus ay "KAPWA Panginoon at Cristo. Ang Panginoon (Ama) at Cristo (Banal na Espiritu) ay si Jesus, sapagkat Siya (Jesus) ay KAPWA ang mga iyon (Panginoon at Cristo).

Kung hindi niyan ipinakikita sa atin ang tunay na kapahayagan tungkol sa Pagka-Diyos, ay wala nang iba pang makapagpapakita. Ang Panginoon ay HINDI isa pang iba; ang Cristo ay HINDI isa pang iba. Ang Jesus na ito ay ang Panginoong Jesus Cristo—IISANG DIYOS.

Isang araw ay sinabi ni Felipe kay Jesus, "Panginoon, ipakita Mo sa amin ang Ama at sapat na sa amin." Sinabi ni Jesus sa kanya, "Malaon ng panahong Ako'y kasama ninyo at hindi mo Ako nakikilala? Ang nakakita sa Akin ay nakakita na sa Ama, kaya bakit mo sinasabi, Ipakita sa amin ang Ama? Ako at ang Aking Ama ay Iisa." Tinukoy ko 'yan minsan at isang binibini ang nagsabi, "Sandali lang, Ginoong Branham, ikaw at ang asawa mo ay iisa."

Sabi ko, "Hindi sa ganyang uri."

Ang sabi niya, "Ipagpaumanhin n'yo?" nguni't anong ibig mong sabihin?

Kaya sinabi ko sa kanya, "Nakikita mo ba ako?"

Sabi niya, "Oo."

Sabi ko, "Nakikita mo ba ang asawa ko?"

Sabi niya, "Hindi."

Sinabi ko, "Kung gayon iyang pagiging isa ay isang kakaibang uri, sapagkat ang sabi Niya, Kapag nakita n'yo Ako, nakita n'yo ang Ama."

Sinabi ng propeta na magliliwanag sa oras ng gabi. Sa awiti'y nasusulat ito:

"Magliliwanag sa oras ng gabi,
Matatagpuan mong tiyak ang landas tungo sa kaluwalhatian,
Sa kaparaanan ng tubig, iyan ang liwanag ngayon,
Inilibing sa tanging Pangalan ni Jesus.

Mga bata't matanda, magsisi sa lahat ng sala n'yo,
Tiyak na papasok ang Espiritu Santo.
Ang liwanag sa gabi'y dumating na—
Ito'y 'sang katunayang ang Diyos at si Cristo'y iisa."

Hindi pa gaanong katagalan ay nakipag-usap ako sa isang Hudyong Rabi. Sinabi niya sa akin, "Hindi maaaring pagputul-putulin ninyong mga Gentil ang Diyos sa tatlong piraso at ibigay Siya sa isang Hudyo. May higit kaming nalalaman kaysa riyan."

Sinabi ko sa kanya, "Iya'y ganyan lang nga Rabi, hindi namin pinagpuputul-putol ang Diyos sa tatlong piraso. Pinaniniwalaan mo ang mga propeta, hindi ba?"

Sabi niya, "Tiyak na pinaniniwalaan ko."

"Pinaniniwalaan mo ba ang Isaias 9:6?"

"Oo."

"Sino ang pinatutungkulan ng propeta?"

"Mesiyas."

Sabi ko, "Ano ang magiging kaugnayan ng Mesiyas sa Diyos?"

Ang sabi niya, "Siya'y magiging Diyos."

Sabi ko, "Iya'y tama." Amen.

Hindi ninyo maaaring ilagay ang Diyos sa tatlong persona o tatlong bahagi. Hindi ninyo maaaring sabihin sa isang Hudyo na may isang Ama, at isang Anak, at isang Espiritu Santo. Sasabihin niya agad sa inyo kung saan nagmula ang ideyang iyan. Alam ng mga Hudyo na ang kredong ito ay naitatag sa konseho ng Nicaea. Hindi kataka-takang nililibak nila tayo bilang mga pagano.

Pinag-uusapan natin ang tungkol sa isang Diyos na hindi nagbabago. Pinaniniwalaan din iyan ng mga Hudyo. Ngunit binago ng iglesya ang hindi nagbabagong Diyos nito mula sa

pagiging isa tungo sa TATLO. Ngunit ang liwanag ay nagbabalik sa pagtatakip-silim. *Gaano ito kapansin-pansin na ang katotohanan ay dumating sa panahon na ang mga Hudyo ay nagbabalik sa Palestina*. Ang Diyos at si Cristo ay IISA. Ang Jesus na ito ay KAPWA PANGINOON AT CRISTO.

Taglay ni Juan ang kapahayagan, at si JESUS ay ang Kapahayagan, at inilahad Niya ang Kaniyang Sarili dito mismo sa Kasulatan—"AKO NGA Siya Na Nakaraan, Siyang Ngayon at Darating, ang Makapangyarihan sa lahat. Amen.".

Kung ang kapahayagan ay hindi n'yo maabot, tumingala at saliksikin ang Diyos para dito. Iyan ang tanging paraan upang makamtan mo ito. Ang isang kapahayagan ay kinakailangang magmula sa Diyos. Kailanma'y hindi ito dumarating sa pamamagitan ng makatao, o likas na mga katangian, kundi sa pamamagitan ng Espirituwal na pagkakaloob. Maaari pa nga ninyong isaulo ang Kasulatan, at bagama't iyan ay kahanga-hanga, hindi niyan magaganap ito. Ito'y kinakailangang maging isang kapahayagan mula sa Diyos. Sinasabi sa Salita na walang taong makapagsasabi na si Jesus ay ang Cristo maliban lamang sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Kinakailangan ninyong tanggapin ang Espiritu Santo at pagkatapos, at tanging kung magkagayon lamang, na maaaring ibigay sa inyo ng Espiritu ang kapahayagan na si Jesus ay ang Cristo: ang Diyos, yaong Pinahiran.

(Sinipi mula *Sa isang Paglalahad ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia*)

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 USA.

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org